WALA NANG UMAAPAW NA INIDORO: ANG AKING KWENTO NG PAGPAPALIT NG SEPTIC SA SEWER (IMBURNAL)

Isang komiks mula sa King County Equitable Wastewater Futures program, iginuhit ni Natalie Dupille



Tumawag sa 206-455-8050 para matulungan kang makahanap ng tulong-pinansiyal.

May mga tagasalin. Sabihin ang "Tagalog" kapag may sumagot sa tawag.

Mga impormasyon para matulungan kang panatilihin ang iyong septic system habang wala pang sewer system sa iyong lugar!

kingcounty.gov/septic

Public Health
Seattle & King County

MULA SEPTIC HANGGANG SEWER: Mga karaniwang tanong

T. Panghabang-buhay na ba ang septic system ko?

S. Hindi. Lahat ng septic system ay nasisira. Ngunit, kung mapapanatili nang maayos, karaniwang tumatagal ito ng humigit-kumulang 30 taon. Halos 70% ng mga urban septic system sa King County ay mas tumagal pa kaysa sa inaasahan.

T. Pwede ko bang palitan ang sirang septic system ng bagong septic system?

S. Hindi. Kapag nasira ang isang septic system, hindi na pwedeng maglagay ng bagong system sa parehong lugar. Nangangailangan rin ang mga septic system ng wastong lupa para sumapat ang wastewater treatment. Karaniwang napapalitan ang mga septic system sa mga mas maliliit na lupa nang isa o dalawang beses lamang.

T. Bakit ko dapat ipagpalagay ang pagpapakonekta sa sewer?

S. Permanenteng solusyon ang pagpapakonekta sa sewer, kontrasto sa septic system na kailangang palitan. Ang sirang septic system at umaapaw na dumi nito ay nagdudulot ng mabahong amoy, pagkasira ng mga bahay, at maaaring magdulot ng pagkalat ng sakit sa komunidad. Karagdagan, ang nakakakonektang sewer ay nag-bibigay-daan sa mga ari-arian na magkaroon ng higit na kapasidad na magtayo at umunlad (hal., karagdagang yunit ng tirahan, o ADU). Panghuli, kung ikaw ay nasa isang urban area (lungsod na lugar), maaaring kailanganin ang koneksiyon sa sewer.

T. Magkano ang aabutin ng pagpapakonekta sa sewer system?

S. Depende! Kung mayroon nang mga tubo mula sa pangunahing tubo ng sewer na patungo sa iyong gusali, baka mas mapadali ang pagpapakonekta at mas mababa rin ang magiging gastusin. Ngunit kung kailangang pahabain ang pangunahing tubo ng sewer, maaaring mas malaki ang gagastusin. Tumataas ang halaga ng pagpapakonekta sa mga sewer system. Mas makakatipid ka kung pagplaplanuhan na ang pagpapakonekta sa sewer at kung aalamin ang mga tulong-pinansiyal na maaari mong matanggap.



T. Mayroon bang mga tulong-pinansiyal para sa pagpapakonekta sa sewer?

S. Oo! Mga karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapakonekta sa sewer: **kingcounty.gov/septic/loans**

Public Health
Seattle & King County